UNIVERSITY OF THE ... LIBRARY

# Magasin ng Bagong Buhay

Linggo, Agosto 12, 1951





LIFE—AGOSTO 19-28



**Si LEILA MORENA** *ay kabilang sa maitatanging bituin sa puting-tabing na madaling nakarating sa tugatog ng tagumpay. Sa kasalukuyan, si Leila ay abala sa ilang pelikulang niyayari niya sa ilalim ng Premiere, at ang larawan sa itaas ay kuha sa isang tinampukan niya bilang isang dalagang nayon.*

## Sa Larangan Ng Digmaan Sa Korea . . .

Mga larawang kuhang USIS



Isang "Misa de Requiem" ang ginanap kamakailan sa isang libingan sa Pusan ng Nagkakaisang mga Bansa sa karangalan ng mga kawal na nasawi sa labanan. Makikita sa dakong gitna ang mga bandila ng mga bansang Magkakaanib.




Sa kabila ng maigting na kalagayan ng digmaan sa Korea at ng laging pagkakasuong sa panganib ng mga kawal ng Nagkakaisang mga Bansa, ang dalawang kawal na ito na kabilang sa ika-12 pangkat ay masaya at tila hindi man lamang nababahala.



Ang pangkat na ito sa mga sasakyang de-motor ng Brigadang Turko ay kabilang sa mga kawal na buong bangis na nakikipaghamok sa mga pulahan. Napakuha sila ng larawan matapos ang isang mainitang pakikipagsagupaan



# ALAM BA NINYO?



ANG **"Pole Vault"**

*O ANG PAGPAPAINDAYOG NG KATAWAN SA PAMAMAGITAN NG ISANG MAHABANG PANUKOD, AY ISANG LARO SA PALAKASAN NA ANG ISANG MANLALARO AY NAGSISIKAP MAKAIGPAW NANG MATAAS O MALAYO. ANG GINAGAMIT NA PANUKOD AY ISANG PILING URI NG KAWAYAN NA MAGAANG NGUNI'T MATIGAS.*

"OKLAHOMA A & M" basketball type championship shoes




**Subali't hindi lahat ng mataas na pook ay nahahayun sa pamamagitan lamang ng isang tagdan. Ang isang taong matalino at magilas ay nakababatid, sa tulong ng mahabang karanasan, na ang mga sapatos na gomang JACINTO ay nangunguna sa ganda, sa pagtatagal at sa halaga. Opo, kayo man ay makararating sa tugatog — ng tagumpay at katanyagan — sa pamamagitan ng pagsusuot ng tumpak na sapatos na goma. Subukin ang isang pares NGAYON at manabik sa malaya at maginhawang pakiramdam na tila kayo "LUMALAKAD SA ALAPAAP"!**

Jacinto

RUBBER & PLASTICS CO., INC.

5TH AVENUE, GRACE PARK • TEL. 2-67-67




Bahagi ng makapal na taong nanood ng pagbubukas ng Liga. Sa dakong harapan ay makikita ang mga manlalaro ng bawa't koponang kalahok sa paligsahan, ang kani-kanilang mga "cheering squad" at ang sumubaybay na banda ng musiko, na lumahok sa makulay na parada.


# Dinagsaan Ng Makapal Na Tao Ang Unang Araw Ng Liga Ng NCAA . . .

**Larawang kuha ni Ben Roxas**

HIGIT kaysa nakalipas na taon, ang pagbubukas ng paligsahan sa basketbol ng mga kolehiyo o ng NCAA sa taong ito na idinaos noong Linggo sa Rizal Coliseum ay sinaksihan ng makapal na taong dumagsa sa palaruan. Tinatayang humigit-kumulang sa 11,000 katao ang nanood ng dakilang pagbubukas ng liga na pawang nasiyahan sa mainitang tunggaliang ipinamalas ng mga koponang nagsipaglaban. Makikita sa mga larawan sa magkabilang dahon ang ilan sa makukulay na yugto ng nabanggit na pagkakataon...



Ang "cheering squad" ng Ateneo Blue Eagles na lumahok sa parada. Ang pangkat ay may dalang isang buhay na agilang sagisag ng kanilang koponan.



Isa sa mga naging hudyat ng pagbubukas ng paligsahan ang mga paputok at pailaw na itinanghal sa gitna ng palaruan. Makikita ang marikit na luses na sumasagisag sa NCAA nang mga sandaling nagdiringas. Nasa kaliwa si Lauro Mumar, kapitan de bola ng Letran, at sa kanan ay si Valero Lopez, kapitan de bola ng Mapua Tech.



Bago nagsimula ang pagbubukas ng laro, si Monsenyor Gabriel Reyes, Arsobispo ng Maynila, ay bumigkas ng maikling pangungusap sa harap ng mikropono. Makikita sa harapan ang mga Tropeo ng NCAA ukol sa kampeyong Sinyor at Diyunyor.



Nang ihagis ni Monsenyor Reyes ang unang bola sa labanan ng dalawang diyunyor: ang San Beda Light Brigade at ang Ateneo Eaglets. Nakatingin si Reb. Martin Diez, pangulo ng NCAA.





Isa sa maiinit na yugto ng labanan ng San Beda at Ateneo. Nakatalagang ihagis ni Alicante (Ateneo) sa buslo ang bola, samantalang buong pagsisikap na hinahadlangan nina Brodett at Olavere ng San Beda. Tinalo ng San Beda ang Ateneo sa eskor na 34-24.



Muntik nang mapasubsob si Pintado ng La Salle nang iwasan si Verona ng Letran na siyang may hawak ng bola. Tinalo ng La Salle ang Letran sa eskor na 57-48. Sa labanan ng Mapua at [illegible] ang huli sa eskor na 49-47.





Sa unang kuwadro sa itaas ay makikita ang mga kabataang kabilang sa mga nakipagsiksikan upang mapanood lamang ang malaking laro sa pagbubukas ng liga. Sa ibaba ay sinisiyasat ng isang maykapangyarihan ang mga taong nakabili ng buwad na tiket na binayaran nila ng mula lima hanggang sampung piso sa mga taong labas.




# Naging Masigla Ang Kombensiyon Ng Nasyonalista Sa Pagpili Ng Kandidato Sa Alkaldiya



"Ako naman!... Wala pa 'ko!... Dito naman, ale!..." Kung ano ang kanilang pinagkakaguluhan? Ang balot-balot na pananghaliang handog ni Buenaventura Evangelista sa mga delegadong dumalo sa kombensiyon ng Nasyo noong Linggo sa Manila Jockey Club. Ang bawa't kandidato ay may kani-kaniyang inihandog na pananghalian.






Isama ang inyong kaanak sa isang kasiyasiyang paglalakbay sa himpapawid saan mang pook na pinaglilingkuran ng Philippine Airlines sa Pilipinas... at magtipid ng kalahati ng kanilang pasahe.

* Sa ilalim ng palatuntunan ng PAL sa Pagbabayad ng Mag-anak, ang ulo ng pamilya ay nagbabayad ng takdang halaga... samantalang ang asawa at ang lahat ng anak na wala pang 21 taong gulang ay nagbabayad lamang ng kalahati bawa't isa. Ang isang bata na wala pang 2 taong gulang at walang aakupahang upuan ay makapaglalakbay nang walang bayad. Ang palatuntunang ito sa pasahe ng mag-aanak ay iiral mula sa Hulyo 17 hanggang Oktubre 31 sa lahat ng paglipad sa kapuluan na ginaganap tuwing Martes, Miyerkoles at Huwebes.


*Magpalaan sa inyong pinakamalapit na tanggapan ng PAL.*

**PHILIPPINE AIR LINES**

route of the Orient Star

Ang "Solis Harmonizer", pangkat ng kumbantseros, na nagparinig ng maririkit na tugtugin upang aliwin ang mga delegado at ang mga taong-bayang dumalo sa kombensiyon. "Kay Gatmaitan Kami" ang nakatitik sa kanilang mga banda. At hindi naman sila nabigo. Nagtagumpay si Gatmaitan sá mahigpit na nakatunggaling si Evangelista.



Ang bawa't kandidato ay naging magiliw sa mga delegado (iyan namang talaga ang dapat mangyari, lalo na't may nais sungkitin...) Sa pagkakaakbay ni Kongresista Arsenio Lacson sa isang delegado ay nakangiti siya nang buong kasiyahan. Hindi naman nasayang ang kanyang ngiti: siya ang naging "bayani" sa malaking kombensiyon.



Habang hindi natatapos ang pagbasa sa mga balota, ang bawa't kandidato ay di nawawalan ng pag-asa... Makikita si Kongresista Engracio Clemeña sa piling ng kanyang mga kapanalig na naghihintay ng kanyang "kapalaran." Tinalo ni Lacson si Clemeña. Nguni't hindi bale, hindi naman ngayon lang ang panahon...!

# KALBARYO Ng Isang Ina



**Maikling nobela ni JOSE R. ATIENZA**

**KASAYSAYAN NG ISANG INANG NAGDANAS NG MGA HIRAP AT SAKIT DAHIL SA KASAMAAN NG KAISA-ISANG ANAK AT MANUGANG NA PINAGLINGKURAN NIYA AT PINAKAMAHAL NANG GAYON NA LAMANG**

TUWANG-TUWA si aling Anday. Sa wakas, natupad na rin ang malaon nang hinihiling niya sa Lumikha: ang magkaroon ng isang manugang na magdudulot ng kaligayahan sa kanyang anak at maghahandog ng aliw sa kanilang maralitang tahanan. Nang umagang iyon ay ikinasal na ang anak niyang si Ramon sa napiling kasamahin nito sa buhay: kay Estela na anak ng isa nilang may-kayang kapitbahay. Maligaya nga si Aling Anday pagka't naging katotohanan na ang kanyang pinakapapangarap.

—Oh, Tasyo! —pabulong pang nawika ni Aling Anday habang pinagmamalas ang mga bagong kasal na kahalubilo ng kanilang mga panauhin. —Kung buhay ka lamang, disi'y nasaksihan mo ang pagdatal ng pinakamaligayang araw sa buhay ng ating anak! —at hindi napigilan ni Aling Anday ang panginglilid ng luha sa kanyang mga mata. Kung hindi nga naman maagang kinuha ng Maykapal ang kanyang kabyak, kaipala'y higit na maligaya kaysa kanya nang mga sandaling iyon. Iyon din ang malaon nang pinapangarap ni Mang Tasyo noong ito'y nabubuhay: ang magkaroon sila ng isang apong magiging aliw ng kanilang katandaan. At ang pag-aasawang yaon ni Ramon ay hudyat ng pagkatupad ng gayong pangarap. Hindi na lubhang maglalaon at magkakaroon na sila ng apo, kung itutulot ng Lalong Makapangyarihan.

Nang araw na iyon ay maghapong kumakagkag si Aling Anday. Siya ang nangasiwa sa mga bagaybagay na naganap sa kanilang tahanan. Siya ang namuno sa pag-aasikaso sa pakikiharap sa kanilang matatandang panauhin. Siya ang pagod na pagod sa pagliligpit ng mga kasangkapang ginamit sa pangkaraniwan nguni't masayang kasalang yaon.

---

Ang mga unang araw ng pagsasama nina Ramon at Estela ay naging kalugud-lugod sa paningin ni Aling Anday. Namamalas niya ang matamis na pagmamahalan ng kanyang mga anak, at nakikita rin niya ang mabuting pagtingin sa kanya ng kanyang manugang. Naliligayahan siya at nagpapasalamat sa Diyos pagka't nakatagpo si Ramon ng isang butihing kabyak ng dibdib.

Bilang pagpapakilala ng malabis na kagalakan, inaako na ni Aling Anday ang mga bagay na dapat gampanan ni Estela sa loob ng kanilang tahanan. Siya ang naglalaba ng damit. Siya ang nagluluto. Siya ang namimili. Siya ang namamalantsa. Siya ang naglilinis ng bahay, at hanggang sa pag-aahin at pagliligpit ay siya na rin ang gumaganap. Ang maliliit na pagkukulang ni Ramon kay Estela ay inaako na niya. Kung kinakapos sa salapi ang mag-asawa dahil sa kaluhuán ng kanyang manugang ay siya na rin ang nagpapaluwal palibhasa'y may kaunti naman siyang natipon sa alkansiya. Anupa nga't walang masasabi ang sinoman hinggil sa pakikitungo at mabuting pagtingin niya kay Estela. At siya naman ay walang hinihintay na gantimpala. Makita lamang niyang nagkakasundo ang dalawa ay naliligayahan na siya, lalo pa't kung naiisip niyang darating ang araw na magkakaroon na siya ng isang malikot at magandang apong magiging aliw ng kanyang katandaan.

At ang pinakapapangarap ni Aling Anday ay tila magiging isang katuparan. Makalipas lamang ang apat na buwan nang pagsasama nina Ramon at Estela ay nagdalang-tao na ang kanyang manugang.

Gayon na lamang ang kagalakan ni Aling Anday. Hindi pa man ay ipinamamalita na niya sa mga kakilala't kaibigan ang nalalapit na pagkakaroon nila ng isáng munting anghel ng tahanán. Namili na siyá ng mgá baro ng bata, naghanda ng mga lampin at bumili ng isang kuná sa pamamagitan ng kanyang sariling salapi. Handog na raw niyá iyon sa kanyang magiging unang apo, sabi niya kina Ramon at Estela.

At dumating ang araw ng pagluluwal ni Estela. Sumagsag nanaman si Aling Anday. Siya ang tumawag ng hilot. Siya ang katulong na nagbantay sa buong magdamag na pagdaramdam ni Estela. At siya rin ang walang tigil ng pagdalangin habang hindi pa nakararaos ang nanganganay na manugang.

Nang maluwalhating makara-

(Buklatin sa pahina 13)



LIBRARY

# Ang Halaman Ni Angela

**ANG PAG-IBIG AY KATULAD NG HALAMAN: NANGANGAILANGAN NG MASINOP AT MATAPAT NA PAG-AALAGA UPANG LUMUSOG AT MANATILING SARIWA...**

HINDI malaman ni Lina kung bakit nakababagot ang lahat ng bagay sa kanyang paningin. Maging ang pamamaalam ng dapit-hapon ay waring nagtataglay ng bahid-uyam. Ang mga punungkahoy, ang nangagbabagong-kulay na mga alapaap sa guhit-tagpuan, ang marahang paglaganap ng mga anino — ang lahat nang ito ay nagpupunla sa kanyang puso ng isang naghihimagsik na pagkamuhing hindi niya mawari.

**Ipinasasabi po ni Mister Maselan na nagtuloy na siya sa Bagyo. Tatagal daw po siya roon nang mga ilang araw.** Wari'y umaalingawngaw pa sa kanyang pandinig ang mga sinabing yaon kanina ni Tandang Bertong tagapaglinis sa kanilang malaking palimbagan. Napakapit siya nang mahigpit sa salumbisig ng upuan sa pagsisikap na pigilin ang biglang pagsulak ng mapait na hinanakit sa kanyang puso.

Ang mga katanungang naghuhumiyaw sa loob ng kanyang dibdib ay ipinahiwatig ng namumuong luhang humihilam sa kanyang paningin. Ipinikit niya ang kanyang mga mata. at parang isang pangitain ay biglang gumitaw sa balintataw ng kanyang paningin ang larawan ni Martin at ang mahiwagang katahimikang bumabalot sa katauhan nito. Malimit nga niyang mapansin, lalo na nitong mga huling araw, ang pagtitig nang maluwat sa kanya ni Martin sa anyong nagninilay. Anu-ano kayang mga bagay ang nagdaraan sa likod ng isipan ng kanyang asawa? May kaugnayan kaya sa mga ito ang dahilang ibinalita kangina ni tandang Berto?

Ngayon niya napagkurong sa kabila ng di nagbabagong kaluwagan at mapagparayang pakikitungo sa kanya ng kanyang asawa, ay may mahalagang bagay na nawawala sa kaganapang naging kanila noong mga unang araw ng kanilang pagsasama. At ngayon na lamang niya natandaang nagbakasyon



si Martin sa bagyo nang di siya isinama o sumangguni muna kaya sa kanya. Ang kirot na idinulot nito sa kanyang puso ay waring nagbibigay ng lupaypay na anyo at kawalang-kulay sa lahat ng bagay.

Nalalaman ni Linang wala sa kanya ang kapakumbabaang saligan umano ng pagiging isang asawang uliran. Wala sa kanya ang mga katangian ng isang babaing sa ganang kanya'y "alipin ng asawa". Nguni, (aliw niya sa sarili), hindi ba't sa mga pagkukulang ng isang babae nasusukat ang pagmamahal at pag-ibig ng isang asawa?

Sakmal siya ng damdaming iyang lumiligalig sa puso nguni't di lubos na maipaliwanag ng kanyang diwa, nang sa di-kawasa'y magawi ang kanyang paningin sa munting bakurang kanugnog ng kanila. At nakita niya si Angelang asawa ng anluwaging si Asyong, samantalang dinidilig niyon ang puno ng isang halamang may magagandang bulaklak na puti. Maingat na binubunot ni Angela ang mga damong tumutubo sa paligid ng halamanan na waring di ibig masaling kahit ang pinakamaliit na ugat.

Nabakas sa labi ni Lina ang isang ngiting may bahid-pag-uyam, at gumuhit sa kanyang diwa ang isang kaisipan: **Kay laking kaululan! Magiging higit na mabango kaya ang mga bulaklak kung laging linis at dilig ang puno niyon? Ang halaman, sapagka't isa lamang uri ng damo, ay di kaya mabubuhay sa sarili niyang likas, alagaan man o hindi?**

Nakita niya ang pagtanaw ni Angela sa may dulo ng lansangang nanggagaling sa kabayanan, gayundin ang biglang pagtindig at nagmamadaling pagpanhik nito sa kanilang munting tahanan nang matanaw ang asawang dumarating. Buhat sa durungawan ng kanyang marangyang silid ay kitang-kita ni Lina ang nagmamadali ring pagtungo ni Angela sa kusina, at masayang pagsalubong sa asawa pagkalipas ng ilang sandali. Nakita rin niya ang pagpapalit ni Asyong ng damit, ang masuyong pagpupunas ni Angela ng tuwalya sa pawisang likod ng asawa, at ang magkaakbay na pagtungo ng dalawa sa kusina.

Asawang alipin! (bulong ng kanyang diwa). Subali't sa labis na pagkayamot ni Lina ay kung bakit tila ayaw magtulot ng lubos na pagsang-ayon ang kanyang puso.

At waring naninikis ay narinig niyang pumailanglang sa himpapawid ang matamis na tinig ni Angela sa isang awit ng pag-ibig:

**"Minamahal kita**
**Nang higit sa aking buhay,**
**Iniibig kita**
**Nang pag-ibig na tunay..."**

Tumindig si Lina at matuling nilisan ang durungawan, na ang puso'y kinukuyumos ng isang damdaming di niya mabigyang-pangalan. Nguni't parang nanunuot sa himaymay ng kanyang puso ang tinig ni Angela:

**"Kasama mo ako**
**Magpahanggang sa libingan,**
**Kung ano ang damdamin mo'y**
**Damdamin ko rin, hirang..."**

Nang gabing yaon ay di gaanong nakakain si Lina. Maaga siyang nahiga, nguni't anuman ang kanyang gawin ay kung bakit di agad siya dalawin ng antok Sari-saring gunita — mga putol-putol na bahagi ng karanasan — ang hali-haliling nagdaan sa tabing ng kanyang alaala.

Nagunita niya ang kanyang ingkong Bestre. Mahal na ma-

(Buklatin sa pahina 12)

**Katha ni DIEGO ATIENZA QUISAO**

# PULA Ang Kulay Ng Dugo

Katha ni **HILARIO L. CORONEL**

**SI ISANG AY LAGING NAKATITIG SA MAPULANG KANLURAN SAPAGKA'T ANG TANAWIN DOON AY LUBHANG MAHALAGA SA KANILANG BUHAY...**



KATULAD NG DATI'Y papalubog na ang araw nang dumating si Nita buhat sa paaralan sa luwasan. Ang huling silahis ng dati'y nag-aalimpuyong araw ay malamlam nang naglalaho sa kapatagan. At sa kinatatayuan ni Isang ay kitang-kita niya ang mabibilis na mga paa ng kanyang anak na nag-uunahan sa pag-akyat sa hagdanang kawayan. Narinig niya ang ingay na nalikha nang iwaksi sa isang sulok ni Nita ang bakyang suot. Binitiwan ang bag na may lamang papel at ilang aklat. At mabilis na tinungo ang kusina.

Napayuko si Isang at nanaig nanaman ang damdaming ngumangatngat sa kanyang sarili. Ang natuyong luha sa pisngi'y nadama niyang nanariwa.

At muling namagitan sa kanila ni Sayong ang katahimikan.

—Isang, may awa ang Diyos... Sinadya lamang Niya na unang magbuwis si Leon sa aming sinumpaan... —napatingin si Sayong sa kinaroroonan ni Nita, na marahil ay nagdudukot sa paminggalan.

Muntik nang humulagpos ang hiyaw sa kanyang bibig kung hindi napigilan ni Isang. Nadama niyang parang may humalang sa kanyang lalamunan. Naninikip ang kanyang dibdib. Parang may pumipigil sa kanyang pagbulalas. **Hindi dapat malaman ni Nita... hindi dapat...**

Hindi maunawaan ni Nita kung bakit ang kanyang ama'y wala sa kanilang piling. Kung nasaan at kung kailan babalik.

—Inang, kailan ang balik ng tatang, ha?

Laging nagtatanong si Nita. Kung dumarating ito buhat sa iskuwelahan sa Kulyanin na pinagtuturuan ni Mr. Quizon ay malimit na mamulas sa musmos na bibig ng kanyang anak kung nasaan ang ama nito. At kung nakikita ang mga lumang pantalong hindi nagagamit sa aparador ay lagi nitong inilalabas. Aywan ni Isang kung ipinagpaparangalan ito sa kanya.

—Inang, tingnan mo ang salawal ng tatang... buo pa! Katagal nang hindi naisusuot ito. Siguro pag-uwi niya e lalong marami siyang pantalon. Inang... masaya kaya doon sa tinitir'an ng tatang?

Natitigilan si Isang kapag nakikita ang anak sa gayong anyo, at nagtatanong tungkol sa ama nito. Siya man ay dinadalaw ng kung anu-anong pangitain. Madalas kumaba ang kanyang dibdib, lalo na noong minsang may pumasok na paruparong itim sa loob ng bahay at dumapo sa kurtinang kanyang ikinakabit.

Mahigit nang dalawang taon noon, at si Nita'y nakatatanda na ng mga pangyayari.

Si Nita'y hinagkan pa ni Leon nang paalis na. Ayaw pa nitong lumabas ng silid, nagtatago sa tumatawag na ama at nagmamaktol. Kasi'y hindi nauwian ng laruan si Nita ng Paskong nagdaan. Tigas na kabibilin sa ama na uwian siya ng manikang pumipikit. Nguni, ano ang iuuwi ng ama nito'y nagmula pa si Leon sa kampo at hindi nakaalis kahit na araw ng Pasko upang umuwi sa kanila? Nang magbalik nga si Leon ay magtatapos na ang Disyembre, nakasuut-kawal at nakasakay sa isang sasakyang-hukbong nakukublihan ng mga dahon. Magkasama sila ni Sayong noon.

Nakita ni Isang sa kanyang kabiyak ang isang nagtatalong damdamin. Tutungo ito sa labanan. At sila'y iiwan. Nguni, nababatid niya ang tungkuling nakaatang sa kasuutan ni Leon at siya'y napatiim-bagang.

—Isang, idalangin mo lamang ang aking pagbabalik. Ang bata, nasaan?

—Nasa silid...

—Nita, Nita...!

Walang sumagot sa tawag ng ama.

Kaya ang ginawa ni Leo'y pumasok sa silid at doo'y dinatnang nagmamaktol ang anak. Inakay ito sa labas sa tabi ng ina.

—Hamo, anak, pagbabalik ko... 'yung pinakamalaking manika ang iuuwi ko sa 'yo...

Nakasibangot pa rin si Nita.

—Hala na, anak, tawa na...

—Baka hindi nanaman totoo...

—Totoong-totoo na!

At sumaya ang mukha ni Nita.

Silang mag-ina'y niyapos ni Leon. Hinagkan si Isang sa bibig at nadama ng babae ang kakaibang init ng mga labi ni Leon. Nang hagkan si Nita'y naglambitin pa ito sa leeg ng ama.

Kumakaway pa si Leon at si Sayong nang umusad na ang trak, hanggang sa lumiit sa kanilang pananaw at ikubli ng alikabok.

Iyon ang kahuli-hulihang pagkakita ni Isang sa kanyang asawa.

Ang sumunod na mga buwa'y sumaksi sa pananakop ng mga Hapones. Lumagpak ang Bataan at sumunod ang Korehidor. Nababa ang bandilang mabituin at ang nahalili'y ang isang may ninikat na araw. Mula sa mga labi ng di-makataong paglalakad patungong Kapas at sa sumunod pang mga pagpipilit ay isa-isang nagsiuwi ang nangatirang kawal ng Hukbong Pilipino. Salanta at salat sa dating lakas ang ibang nagkapalad makabalik; samantalang ang karamiha'y walang kabali-balita, kung buhay pa o patay na.

Ang pagkawala sa tahanan ng ama'y laging napapansin ni Nita. Lalo na nang sila'y nasa takbuhan at masakop ng mga Hapones ang nayong Kulyanin. Naghahanap si Nita ng makaaakay sa paglakad sa mapilapil na bukid; nagnanais itong makita ang ama sa paggawa ng kubu-kubuhan (sapagka't noong araw ay lagi siyang iginagawa ni Leon ng gayon, ng duyan; inuuwian siya ng mga palayuk-palayukan).

At minsa'y nasabi ni Isang na ang ama ni Nita'y isang sundalo, at nakidigma... sumuong sa kamatayan. Nguni, hindi maunawaang ganap ni Nita ang digmaan, kung ano ang kahulugan ng digmaan. At sa kanilang pagkakaharap sa gawing kanluran ay laging itinuturo ni Isang ang panig na lubugan ng araw — na naroon ang Bataan, na doon nagtungo si Leon, ang ama ni Nita. Na doon magmumula si Leon sa pagbabalik!

—Kung nagpunta lang ang tatang sa Bataan, di babalik din siya?

—Oo, anak.

—Masaya ba do'n, Inang?

Hindi kumibo si Isang.

—Siguro, kasinlaki ko ang manikang iuuwi ng tatang...

Isinama ni Isang isang hapon si Nita sa may kabayanan. Nasok sila sa simbahan. Ipinagdarasal niya ang pagbabalik ng asawa.

—Inang, ano 'yung dinadasal

kanyang pagkakayuko.

—Ang tatang mo, nang makabalik agad.

—Ako man, Inang, dadasalin ko rin para magbalik agad ang tatang.

Nakita ni Isang ang pagkakaluhod ng anak. Parang iniwa ang kanyang puso. Ang katahimikang bumabalot sa loob ng simbahan ay lumikha sa kanyang damdamin ng isang nanunurot na pangitain.

Isang hapo'y dumating nang maaga si Nita buhat sa paaralan.

—Inang, sabi ng aming maestro, pumunta daw sa iskuwelahan bukas ang aming mga tatang.

Napatingin si Isang sa anak at di-nakahuma.

—Sabi nila, araw daw bukas ng mga bayani at magkakaroon ng palatuntunan.

Kinabukasa'y sinamahan ni Isang si Nita sa iskuwelahan. Nguni, hindi pa sila nagtatagal ay nag-iiyak si Nita. Bago pa lamang napasisimulan ang palatuntunan. Naaawa si Isang sa anak, subali't pati siya'y nangilid ang luha—paano'y nakita ni Nitang kasama ng kanyang mga kamag-aral ang kani-kanilang ama, at siya lamang ang hindi.

Inakay ni Isang si Nita sa malayu-layo at saka inamo.

—Hayaan mo, anak, pag-uwi ng tatang mo, lagi kang sasamahan. Tumahan ka na, anak...

Patuloy sa paghikbi si Nita.

Sa pagkakatayo ni Isang ay nakita niya ang pagkakawagayway sa isang tagdan sa harap ng paaralan ng bandilang Pilipino sa ilalim ng isang bandilang may malaking bilog na pula sa gitna. Napatitig siya sa bandilang may tatlong kulay. Alam ni Isang, iyon ang bandilang naging dahilan ng pag-alis ng kanyang asawa. Doon nanumpa si Leon... at si Sayong!

At upang libangin si Nita ay kanyang itinuro sa anak, nguni, hindi namulas sa kanyang mga labi ang nasa dibdib; **na iyon ang dahilan, na ang bandilang may tatlong kulay na iyon...**

Tumigil sa paghikbi si Nita at tinanaw ang itinuturo ng ina. Nguni, hindi naunawaan ni Nita ang kanyang ina. Sa kanyang pagkakatanaw ay hindi namamahay sa kanyang murang isip ang dahilan o tanong kung bakit ang bandilang may bilog na pula ay nasa ibabaw ng may tatlong kulay. At sa kanilang pagkakatigil, ang napansin ni Nita'y ang malaking bilog na pula.

—Inang, kalaking bilog n'yon, ano? Ka-kulay ng salawal ng mga kaminero. Pulang-pula! — Tuyo na ang pisngi ni Nita, samantalang patuloy ang palatuntunang sana'y kanilang sinasaksihan.

**(Buklatin sa pahina 19)**

## Ang Halaman...

**(Karugtong ng nasa pah. 10)**

hal siya ng kanyang ingkong. Kaya't nang minsang siya'y mahagupit nito ng pamigkis dahil sa pagpapabayang kaykayin ng manok ang mga petsay na pinaalagaán sa kanya ay gayon na lamang ang kányang pagdaramdam.

Nariyan din ang larawan ng kanyang butihing ina. At naalaala niya ang wari'y higit na pagpapahalaga nito sa kanyang nakababatang kapatid na si Aida, sa dahilang ito'y sadyang maaásahan sa mga gawaing-bahay. Dito nag-ugat ang lihim, nguni't mahigpit niyang pagtutol sa kaisipang nais ikintal ng kanyang ina, at maging ng kanyang ingkong: na ang kanilang pagmamahal ay dapat niyang tumbasan ng pagpapakabuti.

Iyan din ang dahilan ng kanyang maagang pagkapag-asawa sa mabait at makisig na tagapagmana ng kilalang angkan ng mga Maselan. A, anong ligaya niya noon! Sa wakas ay di na siya kinakailangang gumawa, sapagka't iyan ay tungkulin na lamang ng mga utusan.

Nagunita ni Lina ang malimit niyang sabihin kay Martin kapag napupuna niya itong tigil at walang kibo nitong mga huling araw, lalo na kung may nagawá siyang di nito minabuti: —Ikaw naman, para kang bago nang bago. At saka, kung talagang mahal mo ako ay ipagpapaumanhin mo na ang maliliit na bagay na iyan. — Magaanyo pa siyang nagtatampo.

At sapagka't mahal nga siya ni Martin ay naging laging mapagpaumanhin ito. A, kung magbabalik lamang ang mga araw!

Nguni't ang buhay pala ay dilim at liwanag, at ang tinatahak na landas ay ahon at lusong!

Ang kabaitan man pala ay maaaring magmalupit!

Kay ilap ng kaligayahan!

Ganyan at marami pang iba, ang naging panauhin ng kanyang gunita hanggang sa abutin din siya, sa wakas, ng pagkakatulog.

At sa katahimikan ng kanyang pagkagupiling ay nasok ang isang panaginip.

Handa na raw lahat ang kanilang dala-dalahan sa pagtungo sa Bagyo. Naunang nanaog si Martin upang iayos ang kanilang dala-dalahan sa karuwahe. (Sa kanyang pangarap ay di sumagi man lamang sa isip kung bakit karuwahe pa naman ang kaniyang sasakyan.)

Pinapantay na lamang ni Lina ang pulbos sa kanyang mukha ng maramdaman niyang tila lumakad na ang sasakyang nakahinto sa tapat ng kanilang bahay. Dumunghal siya sa bintana, at nang makitang lumalakad na nga ay patakbo siyang nanaog na sumisigaw kay Martin upang hintayin siya. Nguni't gaano man ang kanyang gawing pagsigaw ay kung bakit tila walang tinig na lumalabas sa kanyang lalamunan.

Tumakbo siya at humabol sa sasakyan, nguni't kung sa anong sanhi ay di niya abut-abutin ito, gayong nakikita naman niyang di gaanong matulin ang lakad. May kung ilang ulit na natatanaw niyang nakatigil wari ang karuwahe, subali't kapag aabutan na lamang niya ay muli itong magtutumulin sa paglayo.

Bulubundukin na ang kanilang dinaraanan kaya't sumaisip niyang marahil ay malayung-malayo na ang kanilang naahon. Pagod na pagod na siya. May kung ilang ulit na tinangka ni Linang magbalik, dangan nga lamang at nanghihinayang na rin naman siya sa layo ng kanyang nalakad. Hindi na niya matanaw ang sasakyan.

Sa tindi ng kanyang kapaguran ay ipinasiya niyang mamahinga muna sa lilim ng isang dampang nasa tabi ng daan.

Isang Matandang Lalaking may mahahabang buhok at balbas na kasing-puti ng alapaap sa tag-araw ang dinatnan niya roong nag-aatupag ng malagong halamang may magagandang bulaklak na puti. Ang Matanda ay maingat na naglilinis sa paligid ng mga halaman.

Nag-aangkin ang Matanda ng isang kagalang-galang na anyo. Sa isang paraang di niya madalumat ay halos natitiyak ni Linang nakita na niya ang maamong mukha at mga matang yaong wari'y kumakatawan at umaangkin sa kalungkutan ng sangkatauhan.

Sumimoy ang hangin at nalanghap niya ang kahali-halinang halimuyak ng mga bulaklak na inaalagaan ng Matanda. Habang nawiwili siya sa pagmamasid ay waring ngumingiti sa kanya at nag-aanyaya ang mga bulaklak. At sa binhi ng kawilihang naipunla sa kanyang puso ay sumupling ang isang pagmimithing di magpatantan, na umaalipin sa diwa at nagiging kakulay at kasingkahulugan ng isang pangangaila-

**(Buklatin sa pahina 17)**

## Sinasabi nila...

*tinipon ni Edvira*

Ang buhay ay parang pumpon ng iba't ibang bulaklak, nguni't sa ilalim ng mga dahon ay nag-unat ang nakakubling nakasusugat na mga tinik. — **Voltaire**

———ooo———

Paano ka makakatagpo ng mabuting kaibigan, kung ikaw na naghahanap ay hindi marunong makipagkaibigan? —**Emerson**

———ooo———

Ang magandang mukha ay mabuting sulat ng isang rekomendasyon; ang mabuting puso ay magandang sulat ng kredito. — **Bulwer**

———ooo———

Ang butil ng luhang nakabitin sa pilik-mata ng isang marilag na dalaga ay lalong nakapagpapatamis sa kanyang pilit na ngiti. — **Campbell**

———ooo———

Karaniwan nang nakikita natin ang mga kamalian ng isang tao kaysa mga kabutihan niya; subali't dapat nating hanapin sa kanyang mga kamalian ang natatago niyang mga kabutihan. — **Longfellow**

———ooo———

Ang hindi marunong magpatawad sa pagkakamali ng iba ay nagwawasak sa tulay na kanya ring daraanan, sapagka't ang bawa't tao'y nangangailangan ng pagpapatawad ng iba. — **Lord Herbert**

## Hindi Ka Nag-iisa . . .



(Pakikiramay sa isang kaibigang makata na ngayo'y nasa banig ng karamdaman: E.C.A.)

**Ganyan nga ang buhay sa balat ng lupa:**
**May buhay pulubi't may buhay sagana;**
**Sa saganang buhay kay daming paghanga,**
**Sa buhay pulubi'y kay daming pagpula.**

**Kung ikaw'y sagana, kay daming katotong**
**Sa bawa't sandali'y kasama-sama mo;**
**Kung ikaw'y sawi na sa buhay na ito,**
**Sila pa ang unang pupukol ng bato.**

**Huwag kang malungkot, huwag daramdamin**
**Sakali't maagang dumatal ang dilim;**
**Ang taglay mong dangal s'yang magpapaningning**
**Sa iyong pangalang hindi magmamaliw.**

**Sa banig ng luha'y di ka nag-iisa**
**at may katoto ring nakaaalala;**
**Narito man kami at naririyan ka.**
**Tayo'y magkalayong parang magkasama.**

**Kinukumusta ka nitong Inang Wika**
**Na pinagpuyatan ng puso mo't diwa;**
**Aming hinihiling sa poong Bathalang**
**Bigyan ka ng lakas na lubhang sagana.**

**—BUDDY HERNANDEZ**

Sampalok, Maynila.

## Nang Magdaan Ang Daluyong

**(Karugtong ng nasa pahina 9)**

napalagay na ipinag-alinlangan na ng lahat sa pangako ng Alkalde. Di-umano'y pinahintulutan ng nangakatataas, na ang pamahalaan ng Maynila, sa kanyang sarili'y makabili ng bigas at si G. Guinto ay binigyan ng kapangyarihang makapagpabili sa mga bayan ng Pulo, Marilaw, Meykawayan, Bukawe, Giguinto, Pulilan, Bustos, Sta. Maria, at Angat, na sariling sasakyan ng pamahalaan sa lunsod ang gagamitin. Tinatagubilinan pa na salaping sarili ng Maynila ang ipamimili, na ang halaga'y isusunod sa itinakda ng Ricoa. Ibig sabihin ng kapahintulutang ito, na ang Ricoa ay hindi na nga magbibigay ng bigas sa taga-Maynila sapagka't nangyayaring talaga ang sinasabi ni G. Augirre.

Aywan ko kung ang ganitong bagong balak na naman upang malunasan ang taguton na pumupuksa ng mga buhay sa Maynila, ay magkakabisa; nguni't kung aaligataing sa dalawang napakahirap at tila hindi magagawa ngayong mga paaran, ng sariling pamahalaan ng Maynila, isinasalig ang pagsasagawa ng binabalak, ngayon pa lamang ay masasabi nang ang pagkakagutom sa lunsod ay makapag-aakyat-manaog na muna sa City Hall, na lahat ng makikisig na nangaroroon ay dadalawin upang bulagain at bigyan ng magandang-araw, nguni't hindi makabibili sa mababang halaga na ibig ng Ricoa na siyang masunod at wala namang sasakyang sarili na magagamit sa pagpaparating dito ng bigas. Hindi sapat ang autong ginagamit ng Alkalde sa bagay na ito.

At sa pag-aakala nga niya marahil na kabiguan din ang aabutin, ang birong ito ng mataas na pamahalaan sa mangamamatay na sa gutom na taga-Maynila, ay kanya namang tinugunan ng biro rin, at ang nakalantari sa pagbibirong ginawa ay ang mamamayang nagugutom. Ganito ang aking wika sapagka't sa pagbabalita sa sambayanan ng pagkakaloob sa kanya ng kapangyarihang makabili ng bigas sa mga bayang nasabi na ng lalawigang Bulakan, mga bayang may mahihinang lupaing pinagpapalayan, na susunod pa nga sa halaga ng Ricoa (sa kalagitnaan ng Luson, ito'y nanamsan, tila hindi namili ng palay pagka't mga kawal ng Hukbong Hapon ang ginamit at si G. Guinto ay walang magagamit na mga kawal... kundi ang kanya lamang mga bagong bantay-bahay, na sibat na kawayan ang sandata) at gagamit pa nga ng sariling pagsasakyan (alam ng mataas na Pamahalaang sa kawalan ng sariling sasakyang magagamit, ang mga dumi sa lahat ng lansangan sa Maynila, ay nililinis na lamang ngayon ng mga daga, ng mga bangaw at nagdidilim na kawan ng langaw); sa pagbabalita nga inuulit ko ay kanyang sinabi, na bagama't ang uunahing bigyan ng bigas kung dumating ay ang mga sangay ng kawanggawa ang mga kusinaang-bayan at ang mga kupkupan sa mahihirap; ang mga mamamayan ay aabutin din sa pamamagitan ng mga samahan ng magkakapit-bahay at dahil dito y maagap niyang hinihingi. na sa paghahanda ng bagong talaan ng magkakasambahay, sa pamamagitan ng bagong paraang paiiralin ukol sa bagay na ito, ang bawa't ama ng tahanan ay magpakarangal sanang ilagay **ang tunay na bilang lamang ng kanilang mga kinakandili at huwag mang-uulol sa pagsasama ng pangalan ng taong wala at hindi kasambahay.**

Napakaagap ang paghinging ito ng kaselangan sa mga ama ng tahanang taga-Maynila, na upang huwag nang ituring na masagwang kawalang pakundangan, ay ipalagay nating isa lamang niyang biro. Naalala ko tuloy ukol sa ganyan niyang biro ang palasak na salaysay ng mga matatanda noong araw sa mga batang mausisa, bago matulog kung gabi. Mayroon daw magimpo, ang matanda ay bulag at ang bata na hindi bulag ay siya namang tagapag-akay, na nangabubuhay lamang sa panghihingi ng limos. Kung araw ng linggo ay sa mga pinto ng simbahan sila nag-aabang sa mga maawain at sa tulong ng Maykapal ay nakadadaos naman sila kahi't paano sa gayong hanapbuhay. Minsan, na hindi pa tapos sa pagsisimba ang mga tao, ay naisipan ng batang hingin sa kanyang impo ang isang bagay, na marahil ay matagal na niyang iniisip upang matugunan ang isang maalab na pita ng kanyang wala pang bahid kasalanang kaluluwa. Ibig ko sana impo, ang marahan niyang bulong dito, kasabay ang malaking kahihiyan sa gayong kapangahasang kanyang ginagawa, na kung balang araw tayo ay makatitipon ng kaunti sa napanghihinging limos, ay ibili ninyo ako ng isang hikaw, kahi't mumurahin lamang. Oo, ang pairog ng impo, nguni't baka naman kung may hikaw ka na ay isuot mo nang isuot at tuloy mawala, na sinabayan ang pagsasalita ng mariiing kurot sa singit ang apo, na noon di'y napaiyak at may piping tutol na nakapagsabi: aba — ang impo naman, — hindi pa ninyo nabibili ang hikaw at hindi ko man lamang naisusuot pa, ay pinagkukurot na ninyo ako. Nagunita ko ang ganitong matanda at palasak na salaysayin, sapagka't sa maagap na pagpaparusa ng matandang bulag sa kanyang apo at sa maagap namang paghingi ni G. Guinto ng pagpapakaselang sa mga ama ng tahanan sa Maynila, gayong ang hikaw at ang bigas ay bibilhin pa lamang, ay di ako makasinag ng pagkakaiba.

Ang maliwanag sa mga araw na ito, ang tunay na nangyayari at katotohanang hindi mapupuwing, ay ang pakakagutom ng sambayanan at sa sukat ikapaluhang paghihirap ng madla, ang Pamahalaang nakatayo ng Republika ay walang magawa, sapagka't siya ay pabirong itinayo ng Hukbong Hapon, na naghahanap lamang sa gayon ng kanyang ikaluluwag sa sapilitang pagkakatigil sa Pilipinas, na alam niyang dadayuhin ng kaaway upang siya'y paalisin at itaboy; kaya ang Pamahalaang ito, ipinagmamalaki man at minamalaki ng mga nagsikagat sa pain at ng mga napadala sa dagundong, ay hubad sa lakas, walang kapangyarihan at tunay lamang na anino. Uliran sa kabutihang bata at pagkamasunurin, na sa ngalang pagbibigay-loob sa panginoon ay hindi makikitaan ng ga-hanip mang pintas, nguni't walang-kaya, duwag sa pagtatanggol ng kapakanan ng bayan sa tunay na kagipitang kinasusuungan nito ngayon.

Ang gamot, ang mabisang lunas sa lahat na ng mabibigat na tiising binabalikat ngayon ng sambayanan ay ang lubos na pagkabago ng katayuan sa Pilipinas. Kailangang mapadali, hindi ang pagkatapos ng digma bagay na ipinalalagay kong magpapatuloy pa rin, kundi ang pagkapalis ng mga hapon sa Pilipinas, kawan ng balang na dayupay, na sa kasamaang-palad ay nangakarating ditong padpad ng mga pangyayaring bunga ng alin mang digmaan. (Nagdaraang kasalukuyan sa papawiring nakatapat sa aking bahay, ngayong sinusulat ko ang bahaging ito ng aking tala, ika-5:00 ng hapon ng ika-3 ng Enero ng 1945, ang ilang aeroplanong amerikano, na matikabong pinaputukan ng kanyon ng mga kawal na hapong nakahimpil sa ilang pook na malapit dito sa amin, nguni't ang mga aeroplano ay matutuling naglagos, tungo sa kanilang paruruunan, na hindi man naballno sa pagmamatapang na ito ng aking mga kapitbhaya). Aking sinasabi na ang kailangan, ay ang madaling pagkapalis ng mga hapon sa Pilipinas at sa aking akala'y ito rin naman ang pakay at sadyang talaga ng mga hukbo ng Estados Unidos, na nakalunsad na ngayon sa Leyte at Mindoro. Marahil, buhat sa mga pulong ito, na di-sasalang nililinis na kasalukuyan sa mga kalabang inabot doon, ay naggagayak sila ng mga angkop na himpilan sa lalong malaki at tapusang pagsalakay sa papawirin at katihan upang mabawi ang mga kapatagan ng Luson. At marahil sa mga sandaling ito, sa Australya o sa Nueva Guinea, ay kasalukuyang binubuo ng Estados Unidos ang malaking hukbong ilulunsad sa Luson.

**(ITUTULOY)**



*ANG TATLONG MUSKITERO, sina Oscar Moreno, Fred Montilla at Cesar Ramirez, sa "TRES MUSKITEROS" ng Sampaguita Pictures na pinamamahalaan ni Direktor Nardo Vercudia. Kabituin sina Teresita Martinez, Norma Vales at Myrna Delgado.*




*ANG "BIG FIVE" ng pelikulang "ANG AKING KAHAPON" ng Tamaraw Studios: sina Carlos Padilla, Lilian Leonardo, Jose Padilla, Jr., Naty Rubi at Direktor Lou Salvador. Kuha sa estudyo ng TS isang gabing bago magsimula ang siyuting.*



# Sa Pagitan Ng Mga Eksèna Ng "10th Battalion sa 38th Parallel"

Mga larawang kuha ni ARN




Mapalad na talaga itong si Lopito! Wala siyang iniwan sa isang "tinik" sa gitna ng dalawang "bulaklak", hindi po ba? Ang dalawang dilag ay sina Nita Ramos at Alice Contreras, mga Starlet ng Premiere na kapuwa mapapanood sa "10th Battalion..."




Pakinggan sina Pugo at Togo sa "Edong Mapangarap" sa DZFM tuwing Martes mula sa ika-8:00 hanggang 8:30 P.M.
of
"Mga Kuwento ni Lola Basyang" sa DZPI tuwing Biernes mula sa ika-8:00 hanggang 8:30 P.M.




Ang sumisilip sa kamera ay si Dr. Gerardo de Leon, nagtamo ng "Maria Clara Award" sa pagiging pinakamabuting direktor ng 1950, samantalang kinukunan niya ang ilang tagpo sa "10th Battalion..."



Pagod na pagod dahil sa maghapong pagharap sa kamera, si Nita Ramos ay nagpapahingalay sa pamamagitan ng pagbabasa ng pahayagan. Sa ayos niyang iyan ay aling puso ang hindi pipitlag?



Nang dumalaw sa "location" ng pelikulang "10th Battalion sa 38th Parallel" sa bundok ng Mariquina ang [illegible] na si Ernie Evora. Makikita si [illegible] sa piling [illegible] "kawal" na [illegible] nina [illegible] Lerma, [illegible] [illegible]

## Ang Halaman...

(Karugtong ng nasa pahina 12)

ngang pangkatawan. Ano kaya'ng halaman ito, aniya sa sarili, na gayon na lamang ang kapangyarihan sa puso ng tao?

Namangha siya nang mangusap ang Matanda na wari'y nababasa ang kanyang iniisip.

—Mga kamay lamang na mapag-aruga at marunong magmahal ang makaaangkin ng bulaklak na iyan. Sapagka't ang pag-ibig ay isang halamang inaalagaan... at iyan ang bulaklak ng pag-ibig.

—Subali't kailangan pa po kayang alagaan at pagyamanin ang halaman, yamang iya'y nabubuhay nang sang-ayon sa sarili niyang likas, alagaan man o hindi? —narinig na lamang niyang inusal ng kanyang mga labi.

—Anak, —anang Kagalang-galang na Matanda, —tantuin mong ang bulaklak na iyan ay di isang damong-parang. Iyan ay isang maselang na halaman —ang halaman ng pag-ibig! Hindi mo ba nadarama, anak, sa iyong sariling buhay ang katotohanang iyan?

Ilang sandaling pinagnilay ni Lina ang sinabi ng Matanda. Wari'y may nauntag na kung ano sa kanyang alaala at biglang dumantay sa kanyang puso ang isang masidhi at walang katulad na pangungulila.

Dahan-dahan siyang tumalikod. Naglalandas ang luha sa kanyang mga pisngi, at pakiramdam niya'y nagdaranas siya ng isang uri ng kamatayan.

Walang anu-ano'y nakita na lamang niyang nasa harap niya ang Kagalang-galang na Matanda. At anito, sa isang tinig na waring naglalagos sa ubod ng kanyang kaluluwa: —Ang luhang kumikilala sa pagkakamali ay humuhugas sa kasalanan. At ang bulaklak ng pag-ibig ay gantimpala sa mga pusong umuunawa.

Pagsayad na pagsayad ng bulaklak na bigay ng Matanda sa palad ni Lina ay biglang kumislap ang isang nakasisilaw na liwanag na waring naglampasan sa kanyang katawan, luminis at nagdulot ng walang kahulilip na kapayapaan sa kanyang kaluluwa.

Nang iiingap ni Lina ang kanyang paningin ay wala na ang Matandang Lalaki. Wala na rin ang dampa sa tabi ng daan.

May ilang hakbang lamang ang layo sa kanyang kinatatayuan ng karuwahe. At nakita niyang si Martin ay nakangiting kumakaway sa kanya. Sa biglang bugso ng ligaya sa kanyang puso ay di napigilan ni Lina ang pagbalong ng nakahihilam na luha sa kanyang mga mata.

Ang pagkakadaiti ng kung anong malamig na bagay sa kanyang pisngi ang unang naramdaman ni Lina nang mamulat ang kanyang mga mata. At nang salatin niya ang unan ay saka pa lamang napansing yaon ay basa ng luha.


Isang galaw na di likha ng kanyang sariling katawan ang naramdaman ni Lina sa kanyang gawing kanan. Gayon na lamang ang kanyang pagkamangha nang mapansing hindi pala siya nag-iisa sa higaan. Si Martin ay waring nagiginaw na nakabaluktot sa isang panig ng kanilang katreng pandalawang-tao, at napansin niya ang maleta nitong nakapatong sa isang silya. Isang bigla at di niya mawaring pagkahabag sa asawa ang sumakmal sa kanyang puso. Dahan-dahan siyang nagbangon at maingat na kinumutan si Martin. May mga ilang sandaling pinagmasdan ni Lina ang anyo ng natutulog na asawa, at pagkuwa'y isang buntunghininga ang pinakawalan sa nagsisikip niyang dibdib.

Walang ilaw at may-kadiliman pa rin sa loob ng silid. Nguni't di na niya pansin ngayon ang kadiliman. Ang kadiliman ay sa paningin lamang, nasa puso niya ang liwanag.

Makalipas pa ang ilang sandali ay nagtindig si Lina at binuksan ang durungawan. At sa mga unang silahis ng umaga ay natanaw niyang ang bulaklak na puti sa halamanan ni Angela ay nagniningning. (X)



# Panlinggong PALAISIPAN ng BAGONG Buhay



**PAHALANG**

1. Bangan ng katalinuhan
5. Gaham
9. Inuminan
14. Supot ng bigas
15. Umang
16. Gawing umang
17. Habi
18. Salungat, laban
19. Libot
20. ... Linda (bituing babae)
22. Huwag itikom
24. Paslit (kinaltas ang unang titik)
25. Pabrika ng serbesa (pangtitik)
27. Idapa
29. ...saron (pinalutong na balat)
32. Mangangalakal ng surplus
33. Diin ng paa
37. Kapaniwalaang panglipi
39. Patuyuin
40. Bantog na muog ng Pransia
42. Ang "Limang Aklat ni Moises"
45. Kalahating dosena
46. Ingay ng manok
47. Gobernador ng Leyte
48. Tatak ng gatas sa lata
50. Niebe (sa ingles, kinaltas ang huling titik)
51. Lapiang tagasalungat
53. Pinagsunugan
55. Bayad
58. Karaniwang pinagmumulan ng sakit
60. Pangalang babae
64. Ibong sinagisag ni Balagtas
66. Karaniwang ibon
68. Tabak
69. Buruhin
70. Unang tao
71. Palakpak
72. Arka
73. Pangabay na pamanggit sa panahon
74. Areglado (sa ingles)

**PABABA**

1. Pulo
2. Katagang pananong ng kinalalagyan
3. Maliit na sukat
4. Kabalitaan ng UP
5. Pinagbigasan
6. Kakaning malangis
7. Dalang pabitin
8. Inihiram
9. Bistayan
10. Kawawa
11. Lungsod sa Kamarines Sur
12. Pilit
13. Kastilang ipinahayag ang sarili na gobernador-heneral, na may luklukan sa Bakoor, noong 1762
21. Pasimulang ulan
23. Pangalang intsik
26. Inuminang kristal
28. Toreng di tapos sa kapatagan ng Shinar
29. Malaking pulo sa Kabisayaan
30. Ginapas
31. Puno
34. Tinuyong ubas
35. Aklat ng kasaysayan ni Hesukristo (kinaltas ang unang titik)
36. Gabara
38. Ugit
41. Batong anting-anting
43. Nagngalit na bulkan sa Sisilia
44. Ulan ng yelo
48. Pananalig
49. Produkto sa grasa
52. Alfredo
54. Punong-kahoy na ang bunga'y inaatsara
55. Mahinang sulong
56. Bayan ng toreng pahilig
57. Kabayong may malalaking taynga
59. Katagang panguro
61. Bibi
62. Lagaing saging
63. Hila sa kamay
65. Panghulapi
67. Katagang panimula

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

## Sagot sa Nakaraan

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| B | A | L | I | | I | M | U | S | | B | U | T | I | L |
| A | Y | A | N | | T | A | M | A | | E | L | E | N | A |
| S | A | I | D | | A | R | A | L | | R | I | N | S | O |
| | | N | I | K | | I | N | O | | G | N | G | | |
| M | A | G | A | L | I | N | G | | M | A | G | A | S | O |
| A | L | | N | I | L | O | | S | A | M | A | | U | P |
| D | A | | A | P | O | | I | A | Y | O | N | | N | E |
| I | G | I | | | K | U | L | T | O | | | B | U | R |
| S | A | | I | S | A | P | O | | R | C | A | | G | E |
| O | T | | B | O | N | O | | I | Y | A | K | | I | T |
| N | A | W | A | L | A | | I | P | A | G | I | T | N | A |
| | | A | L | I | | U | L | I | | E | B | A | | |
| L | A | G | I | M | | B | A | T | I | | O | T | I | S |
| A | G | A | T | A | | A | Y | A | W | | N | A | S | A |
| L | I | S | A | N | | S | O | S | A | | O | K | A | Y |

## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Hulyo 29

1. *Bb. Luviminda E. Ortiz* — Carlu Studio, Cabanatuan City
2. *Bb. Virginia Reyes* — Sta. Lucia, San Juan, Rizal
3. *Simeon Barcelon* — Barrio Pantalan, Nasugbu, Batangas
4. *Buenaventurada D. Endoso* — 11 Mariveles, Quezon City
5. *Paulito Nacorda* — Lukban, Quezon

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsion ng Panglinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: **PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.**

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng **PALAISIPAN** ay hindi pahahalagahan.)


MAASAHANG LAGI...

*madaling magsindi at ligtas sa panganib ang mga posporong*

- RIZAL
- JAR
- LIWAYWAY
- SUNSET




*Gawa ng mga Pilipino para sa mga Pilipino*

**PHILIPPINE MATCH CO., LTD.**

PUNTA STA. ANA, MAYNILA

Tel. 6-63-85 (Tanggapan sa Pagawaan)

## Pula Ang Kulay...

(Karugtong ng nasa pahina 12)

Napansin ni Isang ang pagkakatitig ng anak sa dalawang bandila, nguni't hindi ang nais niyang mapansin ang napansin nito.

—Gusto ko'ng kulay n'yon, Inang. Siguro, ang tatang din, gustung-gusto 'yon. Ang lakilaki ng bilog. Malaki pa 'ata sa batya nating ginagamit sa ilog.

Kay Isang, ang bawa't araw na magdaan ay nag-iiwan ng guhit sa kanyang noo. Ngayo'y malimit na siyang dalawin ng pag-aalala. Madalas na siyang mamulat na parang tinatawag ng asawa. Parang nakikita niya ang mukha nito nang paalis na. Nadarama niya ang halik nitong may kakaibang init. **Huwag mong pababayaan ang ating anak!...**

Ngayo'y nag-aalala na siya, na baka ang kanyang asawa'y hindi na babalik, na hindi na uuwi upang makita ang kanilang anak.

—Diyos ko, huwag Mo pong ipahintulot... pabalikin Mo po siya sa aming piling Hinihintay ko siya, hinihintay siya ng aking anak...!

Isang hapo'y dumating si Sayong. Wala pa noon si Nita at nasa paaralan pang binuksan ng bagong pamahalaan. Walang kaabug-abog ang pagdating ni Sayong. Nakita na lamang ni Isang na nasa puno ng hagdan at itinatanong kung siya'y makapapanhik. Nabigla man si Isang ay pilit na pinapagbalik ang kahinahunan. Nguni, di siya halos makapaniwala na ito nga si Sayong na nakasama ni Leon sa Bataan.

Sa pagkakaharap nila'y hindi si Sayong na may matipunong katawan, tulad ng kanyang asawa, ang nakita ni Isang, kundi isang payat na lalaki, malalalim ang mga mata, nakasambalilo ng buli, nakayapak... Nguni, hindi iyon ang mahalaga kay Isang.

Nakagat nang mariin ni Isang ang mga labi at paimpit siyang napahikbi nang marinig ang kabuuan ng balita ni Sayong. Parang dinaganan siya sa pagkakaupo.

—Magkasama kami ni Leon hanggang sa kabila ng Bagac. Nguni't sa labanang naganap doo'y iilan kaming nalabi sa pangkat. At si Leon ay nakabilang sa mga nalagas... Nguni, siya'y nasawing...

Hindi na narinig ni Isang ang huling sinabi ni Sayong. Naramdaman niya ang paninikip ng dibdib. At sa pagkakagat niya sa labi'y may nanulay na dugo sa kanyang bibig at pumatak sa sahig. Lumagaslas ang luha sa kanyang mga pisngi. Ang [illegible] sumaklot kay Isang ay [illegible] ni Sayong.

Ang [illegible] Isang ay [illegible] [illegible] ng [illegible] ni Nita.

Ayaw niyang makita ng anak na siya'y umiiyak. Halos sumabog ang dibdib ni Isang nang pumasok sa kusina ang anak.

—Isang, may awa ang Diyos...

Nang lumabas sa kus'na si Nita'y nakatindig na si Sayong.

Walang imik si Isang nang ito'y manaog na.

Nguni, nang tuluyan nang ikubli ng kakahuyan ang anino ni Sayong ay napabulalas si Nita.

—Inang, tingnan mo: pulang-pula ang lubugan ng araw! Parang dugo!

Dumungaw si Isang at tumambad sa kanya ang kanlurang mapulang-mapula [illegible] may balabal na dugo ang panig na yaon ng daigdig na unti-unting pinanlalabo ng lumalatag na dilim. **Doon naroon ang Bataan... doon nagtungo si Leon...!**

Payapa ang paligid.

At si Nita'y nakita ni Isang na nakatitig pa rin sa lumalabong mapulang kanluran—sa gawing Bataan na tinunguhan ng kanyang ama. Napalingon si Isang at nakita ang ilang patak ng mapulang dugong pumatak sa sahig nang kagatin niya ang kanyang mga labi.

Sa pagkakatalikod ni Nita'y narinig na lamang niya ang malakas na pag-iyak ng kanyang ina. Napalapit siya samantalang bahagya nang marinig ang tunog ng lumang batingaw mula sa kabayanan. **(X)**


# LUBHANG NAKAPAGPAPALAMIG!

*.... kailanman*

*.... saanman*




**Tamuhin ang *pananabik ng panlasa* sa pamamagitan ng Royal Tru-Orange**

Isinabotelya ng ROYAL SOFT DRINKS PLANT — Ari at pinamamahalaan ng SAN MIGUEL BR[illegible]

# *Karapatdapat Ipakipaglaban*

Sa "The Prince Who Was A Thief" ng U-I na itatanghal sa Times Theatre, si Tony Curtis ay nakipaglaban dahil sa babaing kanyang inilbig, si Piper Laurie — katulad ng matatalinong manigarilyo na nakababatid na ang kasiyahan sa paghitit ng BUCCANEER ay karapatdapat ipaglaban!




## NANGUNGUNA SA PAGPAPASIGLA

Pakinggan ang sumusunod na mga palatuntunan tuwing Miyerkoles, sa DZPI: "Remote control broadcast" ng Novena sa Our Mother of Perpetual Help sa Simbahan ng Baclaran mula ika-6:00 hanggang ika-6:30 N. G. at ika-7:00 hanggang ika 7:30 N. G. at "Buhay ng mga Poon" mula sa ika-6:30 hanggang ika-7:00 N. G.